

1

Kiss The Rain

LISA

Gabi na at hindi pa rin ako makatulog. *Ano ba yan?!*

Tumayo ako sa harap ng pang-whole body ko na salamin, tinitigan ang pajama ko na *Patrick Star* ang print. Napabuntong-hininga ako.

“First day mo na sa college bukas,” sabi ko sa reflection ko. Napasimangot ako sa hitsura ko. “Pero mukha ka pa ring high school. Yung height mo pang-high school, yung weight mo pang nanay. Pero yung beauty mo pangdiyosa!” Saktong-sakto naman at biglang kumidlat sabay kumulog.

Napasimangot ako sa nangyari.

Biglang tumunog ang phone ko na nakapatong sa kama. *Sino naman ang magte-text sa akin ng ganitong oras?*

Nag-flash sa screen ng phone ang name: *Anderson, Kyle.*

Hi, Lisa! =)

Akala ko naman kung sino, si Kyle lang pala! Ano ba ang problema ng lalaking ito? Buong bakasyon text nang text sa akin. Hindi ko naman siya nire-reply-an. Hindi makaintindi na ayaw ko siyang maka-text.

“Dear Lord, alam ko naman na maganda ako pero sana maintindihan ni Kyle na hindi ko siya gusto. Delubyo lang ang dala sa akin ng lalaking iyon.”

Kumidlat ulit sabay kumulog nang malakas pagkatapos ay nawalan ng kuryente.

“Ay! Di maganda yan!” sigaw ko.

“Hoy, Lisa, magpatulog ka!” sigaw ng bunso kong kapatid na nasa kabilang kuwarto.

Napahiga na lang ako sa kama ko.

“Shet naman, paano ako makakatulog nito?!”

Walang air con!



“Late na naman ako! Napaka-cliche naman ng nangyayari sa kin ngayon! First day of school tapos late ako,” daing ko.

Naglalakad ako papunta sa school. Bumaba na ako ng jeep dahil sobrang traffic at usad-pagong ang mga sasakyan. Ang malala pa nito, kapag nakarating ako sa school gate ay maglalakad pa ako ng napakalayo dahil ang college building namin ay nasa dulo ng school.

Ayaw ko talagang nale-late.

“Lisa!” Biglang may tumawag sa akin kaya napahinto ako sa paglalakad at lumington sa likuran ko. Nakita ko si Kyle. Nakangiti siya sa akin habang kumakaway at naglalakad palapit sa akin.

Tinitigan ko siyang mabuti at napansin ko na wala siyang bag. *Bakit kaya walang bag 'to? Strange. Hindi ba siya papasok?*

God naman, bakit n'yo naman ako pinagtitripan? Love naman kita, eh! Nagsimba naman ako kahapon. Hiniling ko sayo na sana sa first day of college ay makilala ko na ang love of my life ko! Hindi yung delubyo ng buhay ko! I love you, God. Please be good to me! Make Kyle disappear now.

“Hi, Kyle.” Pilit ang ngiti ko pero hindi niya naman nahalata.

“Kamusta ka, Lisa? Bakit hindi ka nagre-reply sa akin?”

“Wala akong load eh,” sagot ko.

“Lagi kaya kitang pinapa-load-an.” Siya pala yung nagse-send parati sa akin ng load.

P>wede ko namang sabihin na ayaw ko siyang reply-an pero hindi naman kasi ako ganun.

“Ah, eh, bago kasi ang number ko eh,” palusot ko. “Bakit mo nga ba ako pinapa-load-an?”

“Tinawagan ko kaya kanina number mo kaso ini-end call mo

lang.” Napakamot siya ng ulo. “Iniiwasan mo ba ako?”

“Hindi, ah,” sarcastic kong sabi. *Buti alam mo!*

“Pero sabagay, bakit mo nga naman iiwasan ang gwapong katulad ko.” Napangisi siya sabay tawa.

I rolled my eyes. *Ang yabang lang eh.*

Honestly speaking, gwapo talaga si Kyle. He’s the typical hottie na makikita mo sa mga magazines, sa mga posters sa department stores sa mall at sa mga TV. Hindi siya model o artista pero ganun ang itsura niya. I am not exaggerating pero gwapo talaga siya. Anak mayaman na, gwapo pa. May angking sayad nga lang sa utak.

Hindi ko maintindihan kung bakit ako ang nagustuhan nitong lalaki na ito. Hindi naman ako kasing-ganda ng mga diyosa sa school. Pero hindi naman ako panget, basta hindi lang ako kasing-ganda ng iba. In short, hindi pansinin ang beauty ko.

“Oo na, sige na! Gwapo ka na. Mamaya na lang tayo mag-usap, late na late na ako, eh,” sabi ko.

“Pwedeng sumabay?” tanong niya.

Napabuntong-hininga ako. “Eh, di ba, may kotse ka? Tapos may driver ka pang naghahatid-sundo sayo? Doon ka na lang! Hindi bagay sa mayayaman ang naglalakad.”

“Pinauna ko na tapos pinadala ko na lang sa locker ko yung gamit ko,” sabi ni Kyle.

“Pwede naman na isinabay mo na lang ako sa kotse mo, di ba?”

“I tried that like a hundred times pero hindi ka naman pumapayag. Kaya hindi ko na sinubukan uli.”

“Fair enough,” sabi ko.

Naglakad na kami habang nagkukwento siya about sa summer niya.



BRENT

Napahikab na lang ako habang nakasakay sa kotse.

“Sir, ayos lang po ba kayo?” tanong sa akin ng driver ko.

“Si Manong naman, parang napahikab lang, eh. Okay lang ako medyo puyat lang,” sagot ko.

Ito ang kauna-unahang beses na pumasok ako sa first day of school. Bagong buhay na ako, college na kasi.

Pero may isa pa akong dahilan kung bakit ako papasok: Isang babae na matagal ko nang hinahanap. May ninakaw siya sa akin na gusto kong bawiin.

“Sir, nandito na po tayo,” sabi mayamaya ng driver.

“Ah, sige, Manong, makisundo na lang ako mamayang alas singko,” sabi ko.

Bumaba ako ng kotse at napalingon sa akin lahat ng tao.

Yeah, look at the great Brent Spencer! Ang lalaking hindi na umalis sa Kingston Academy (now Kingston University) simula kindergarten.

It would be at least be nice if I didn't have a driver. I want to drive my own car. I'm turning eighteen, pero hanggang ngayon, hindi pa rin nangyayari ang pangarap ko.

Naglakad na ako papunta sa school gate at sinalubong ako ng mga babae na hindi ko naman kilala, pero alam nila ang pangalan ko.

“Brent, sumali ka sa club namin, tayong dalawa lang ang members,” sabi nung isa.

“Brent, please be mine,” tawag naman nung isa.

At yung isa, tinitigan ko lang, hinimatay na.

They were slowing me down at late na ako so ang ginawa ko ay ang tumakbo papalayo sa kanila.

Ever since, ganito na ang nangyayari! Sawang-sawa na ako.



LISA

Grabe, nakakainis 'tong araw na ito! Si Kyle kasi, ang bagal-bagal maglakad at ang dami masyadong kwento, hindi tuloy ako pinapasok ng prof ko sa first subject ko. *ERR!*

Nagpunta na lang ako sa library at naghanap ng mababasa

dahil dalawang oras pa ang hihintayin ko bago ang aking next subject.

Dumiretso ako sa Fiction Section ng library at hinanap ang libro ng *'Harry Potter and the Deathly Hallows'*. Nakita ko naman iyon kaso ang problema, nasa kandungan iyon ng isang pamilyar na gwapong lalaki na nakasalamín. Nakaupo siya at nakasandal sa sulok ng library habang natutulog.

Gustung-gusto kong basahin iyong libro kaya nagtangka akong kunin iyon. Alam kong masama iyon pero, hindi niya naman ginagamit, eh.

Dahan-dahan akong lumapit sa gwapong lalaking nakasalamín. Ilang inches na lang ang layo ng kamay ko sa libro nang bigla siyang dumilat. Nanigas ako at napatitig na lang sa kanya.

“What are you doing?” tanong sa akin ng lalaki.

“Ah, eh...” Inilayo ko ang kamay ko at tumayo nang diretso sabay hinimas-himas ang batok ko gamit yong kamay na ipangkukuha ko sana ng libro. “Natutulog ka kasi kaya akala ko, hindi mo na ginagamit yung libro. Kukunin ko sana.” I nervously laughed.

“Well, based on the rule, it is still in my possession so you can't have it,” sabi niya habang hindi inaalis ang titig sa akin.

Makapag-English naman 'tong lalaking ito! Pasalamat ka at gwapo ka!

There was something about him na parang feeling ko ay nagkita na kami.

“Ah, ganun ba? Pasensya na, ah.” Tumalikod na ako at aalis na sana nang marinig ko uli siyang magsalita.

“Wait...”

“Huh?”

“Do you want to read this?”

“Malamang? Kukunin ko nga sayo, di ba?” *May pagkatangengot 'tong lalaki na ito.*



Napangisi siya. “You look familiar, Honey. I feel like this isn’t the first time that you stole something from me.”

“Oy, hindi ako magnanakaw, ah! Saka ano naman ang konek ng mukha ko sa libro?”

“You’re Lisa, right?” tanong niya bigla.

Paano niya kaya nalaman ang pangalan ko? Stalker ko ba ito?

“Oo, ako si Lisa. Paano mo nalaman?”

“Don’t you recognize me?”

Tinitigan ko siyang mabuti, kaso hindi ko siya namumukhaan. Pamilyar siya pero hindi ko maalala. “Hindi, eh. Sino ka ba?”

Tinanggal niya ang suot na salamin sabay sabi ng, “Brent.”

“Brent?” Nanlaki ang mga mata ko at parang namutla ako sa sinabi niya.

Patay!

Kunwari na lang ay hindi ko siya kilala. Si Brent pala ito! Hindi ko siya nakilala agad dahil sa salamin na suot niya.

“Yes and I bel—”

I cut him off. “Nope, hindi kita kilala. Sige, aalis na ako. Saka mag-Tagalog ka nga, nasa Pilipinas tayo English ka nang English,” mabilis kong sabi para tapusin na ang conversation na iyon.

Tapos, umalis na ako at naglakad nang mabilis.



BRENT

Napangisi na lang ako sa pag-alis ni Lisa. She was too nervous.

Akalain mo, ang babaeng matagal ko nang hinahanap ay ang kusa pa palang magpapakita sa akin.

Hayy, baka nga hindi niya talaga ako naalala. Kung sabagay, wala siya sa sarili noon.

Umuulan noon nang malakas. Bakasyon ng third year. Hindi ko nga maintindihan, summer pero umuulan...

Naglalakad ako pabalik sa kotse at napadaan ako sa playground. Doon, natanaw ko ang isang babae na nakaupo sa swing. I could tell na umiyyak siya dahil sa mukha niya at hagulgol na naririnig ko mula sa kinatatayuan ko. It almost seemed like she was singing an Aegis song, but maybe that was just my imagination.

“Miss, bakit ka umiyyak?” tanong ko, pagkatapos, bigla niya akong niyakap. Nagulat na lang ako sa basang mga braso na pumumulpot sa hips ko, at masasabi ko na maling parte ng katawan ko ang sinasandalan ng ulo niya.

Kanina ko pa iniwasang mabasa tapos yayakapin lang ako ng babaeng ’to, sabi ko sa isipan ko. I awkwardly pat her on the back habang umiyyak siya.

“Iniwan na niya ako.” Patuloy siya sa pag-iyak habang patuloy ako sa pagtapik ng likod niya.

“Ah, sino ba? Boyfriend mo?” Bakit ba nilapitan ko pa ’to?

“Oo.”

“Bumitaw ka nga diyan at tumahan ka na,” sabi ko.

“Ayoko.” Umiling ang babae.

“Eh? Bahala ka diyan.”

Patalikod na ako at bigla niyang hinawakan ang braso ko at sinabi niya, “Samahan mo naman akong magpaulan, nalulungkot talaga ako.”

“Hay, sige na nga.” Sinabi ko sa sarili ko na sa susunod, hindi na ’ko lalapit sa mga taong nag-e-emo sa ulan. Eto napapala ko sa pagiging ususero. Hayyy! Buti na lang at iniwan ko sa kotse ang phone ko, kung hindi, iniwan ko na ’to. Instead, ibinaba ko ang payong at umupo sa katabi niyang swing.

“Ako nga pala si Lisa, ikaw sino ka?” untag niya sa akin.

“Brent Spencer,” tugon ko. “Hindi ka ba natatakot sa akin?” dagdag ko pa.

“Bakit naman ako matatakot sayo?” Tumigil na rin siya sa pag-iyak pero bakas pa rin sa kanyang mukha ang lungkot.

“Eh, paano kung rapist ako o kaya kidnapper?”

“Wala na rin akong pake,” sabi niya.

“*Emo ka,*” *sabi ko.*

Tumayo ako mula sa kinauupuan ko at pumunta sa Reading Section ng library. Nakita ko roon si Lisa na nakikinig ng music sa earphones niya habang nagbabasa ng libro.

Mapagtripan nga.

Umupo ako sa kaharap niyang silya.

“Hi,” bati ko sa kanya. Nandilat ang mga mata niya noong nakita ako.

Tinanggal ni Lisa ang earphones niya. “Ikaw na naman. Ang kulit mo ’ka mo, sinabing hindi kita kilala, eh.”

“Sigurado ka ba?” Nakatitig lang ako sa mga mata niya na hindi makatingin sa akin.

“Hindi talaga.”

“Eh, bakit ikaw kilala kita?”

“Ewan ko, stalker ka siguro?” kibit-balikat niya.

Natawa lang ako dahil partly true iyon. I’ve been searching her profile on *Facebook* buong huling taon ko sa high school. Then recently, I saw her *FB* account and I found out na dito siya mag-aaral.

“Sa gwapo kong ito tapos sasabihan mo akong stalker?”

“Oo na, gwapo ka na, Mister Brent Spencer,” sabi niya pagkatapos, tumayo siya saka lumabas ng library.

Kung ngayon nga una naming encounter, hindi niya dapat alam ang last name ko. Hindi ko maalalang binanggit ko kanina ang surname ko...

Napangiti na lang ako.



LISA

Ano ba iyan, dalawa na ang asungot na baliw na gumagala rito sa school para guluhin ako! Unang-una si Kyle Anderson at pangalawa si Brent Spencer. At ang tanga ko pa, dahil nasabi ko kay Brent na alam ko ang surname niya. Kung magpe-pretend akong hindi ko siya kilala, dapat hindi ko alam ang apelyido

niya!

Hinampas-hampas ko na lang ang sarili ko sa noo.

Tanga! Tanga! Tanga!

Naglalakad na ako papunta sa kahit saan na malalayo ako kay Brent or kay Kyle.

Ayaw kong makita si Brent dahil nahihya ako sa kanya. I can still remember everything, though I kept pushing them at the back of my mind.

“Gusto mo d’on tayo sa may waiting shed mag-usap?” tanong niya sa akin.

Namumutla na ang kanyang mga labi dahil malamang giniginaw na siya. Giniginaw na rin naman ako kaya sumang-ayon ako sa suggestion niya.

Pumunta kami sa waiting shed at sumilong.

“Alam mo ba, monthsary pa namin ngayon! Tapos niloko niya ako! Porke ba hindi ko kayang ibigay yung hinihingi niyang first kiss ko, iba na ang hinalikan niya?” Lumuha na naman ako.

“Ayos lang iyan, at least, alam mo na na hindi siya worth maging boyfriend mo.” Tumitig siya sa akin, and I suddenly found myself mesmerized by his eyes.

Everything went in slow motion, even the thought processes inside my head.

“He will never have my first kiss,” sabi ko.

Pinikit ko ang mga mata ko pagkatapos, dahan-dahan kong inilapit ang mga labi ko sa mga labi niya. Hinalikan ko siya. Mayamaya pa ay natauhan na ako.

Idinilat ko ang mga mata ko at nakita ko ang expression ng mga mata niya. Halatang gulat na gulat siya.

Hinatak ko ang sarili ko papalayo sa kanya. Ang kalungkutan na nararamdaman ko ay napalitan ng hiya. Tumakbo ako palayo.

Nakakahiya talaga ang araw na iyon.

Paano kung magkita uli kami?

Hayyy, super dedma na lang siguro...

2

Boy Next Door

LISA

4:00 P.M.

Uwian ko na. Ang ganda ng schedule ko dahil yung ibang estudyante, gabi pa ang uwian.

Wala pa rin akong friends dito sa bago kong school. Ewan ko ba, mga snob ang mga tao rito sa school na ito.

Ano ang maganda sa alas kwatro na uwian, kung wala ka namang kasama maggala?

Tahimik akong naglalakad papalabas ng college building namin nang tinawag ng isang lalaki ang pangalan ko. Hindi ako lumilingon dahil alam ko kung sino ang tumatawag sa akin, si Kyle.

“Lisa!”

Hindi ako lumingon.

“Lisa!”

Dire-diretso pa rin ako.

“Uy, Lisa!” Patuloy ang pagtawag sa akin ni Kyle kaya binilisan ko pa ang paglakad. “Lisa!”

Bigla niyang hinawakan ang braso ko at napahinto ako sa paglakad.

“Bakit ba?”

“Pwede ka bang sumama sa bago kong apartment?”

Tingnan mo nga naman itong si God, binigyan agad ng solusyon ang pagiging friendless ko at walang kasama sa paggagala. Kaso maling tao ang pinadala sa akin.

“Huh? Ano ang gagawin natin doon?” Akala mo naman napaka-close namin para ayain ako sa apartment niya! Baka

rape-in pa ako nito! Masyado akong malisyosa pero may basehan ako.

“Ahm... Kasi...” Yumuko siya na parang batang nahihya. Kahit naman yumuko, kita ko pa rin si Kyle dahil matangkad siya.

Ang tangkad kaya ng damuhong lalaking 'to! O sadyang maliit lang ako.

“Kasi...”

Ano kaya ang meron? Nahihya talaga siya, eh, ano?

“Kasi ka nang kasi diyan, eh ano ba kasi iyon?” tanong ko sa kanya. It's the time of the month for me kaya masyado akong impatient at irritable. Ang bitter-bitter ko tuloy sa kanya.

“Wala lang, gusto lang kitang makasama.” Ah, ayun naman pala. Ang problema lang ay ayaw ko siyang makasama.

“Busy ako eh, marami akong gagawin.” *REJECTED SIYA!*

“Malapit lang naman ang apartment ko sa bahay mo. Sige na kasi...” Nag-puppy dog eyes si Kyle na sobrang cute na nakakamesmerize.

“Huh? P'ano mo nasabing malapit?”

“Pinalipat ko na ang mga gamit ko doon sa pinauupahang apartment ng kapitbahay n'yo.”

AYY, DI MAGANDA IYAN!!!

Ibig sabihin, araw-araw ko nang makikita ang mokong na ito?! Lakas talaga ang trip ng mga mayayaman!

“Eh, bakit doon ka titira? Doon ka na lang sa mansyon n'yo! Mas maganda doon! Saka hindi ka naman sanay mag-isa! Tapos, delikado pa sa lugar namin; maraming kawatan saka sira-ulo na mga maton!” Hindi naman masyadong halata na ayaw ako siyang maging kapitbahay, di ba?

“Ayoko na sa mansyon namin. Umuwi na yung kuya kong asungot galing England. Saka gusto kong mas malapit sayo,” nakangiting sabi ni Kyle. “Sumama ka na kasi sa akin.”

Napakamot na lang ako sa ulo ko. Ano ba kasi ang napakain ko rito? Bakit ba nagkaganito ito sa akin?

“Ah, eh... wag na lang, marami akong assignment, puro terminologies. Magre-research pa ako, eh.” Sana kumagat sa palusot ko.

“May DSL, WiFi, 3G at LTE doon sa apartment ko, sobrang bilis hindi nag-bu-buffering ang YouTube,” sabi niya.

Napabuntong-hininga ako. Napaka-persistent naman nitong tao na ito!

“Sige na nga!” Nung narinig ni Kyle iyon, bigla niya akong hinatak. Ayun, wala na akong nagawa.

Ang bilis niyang lumakad at muntik-muntikan na akong masubsob. Pinagmamasdan ko lang ang likod niya.

Nakatalikod na, gwapo pa rin. Ayaw ko lang talaga sa kanya. Di ko pa ma-feel ang connection.

Nadaan namin si Brent na nakasandal sa pader. Nagkatitigan kami tapos iniwas ko na ang tingin ko sa kanya.

Tuwing nakikita ko siya ay naaalala ko na absentmindedly ay nagnakaw ako ng halik sa kanya.

Nakakahiya lang.

Babae, nagnakaw ng halik?



BRENT

Sayang, may boyfriend na pala si Lisa.

Hindi ko pa rin makalimutan yung kiss na iyon. Malamang dahil first kiss ko iyon. First kiss ko mula sa babae na hindi ko gaanong kakilala.

Hindi na ako nagka-girlfriend pa simula nang araw na iyon. I just couldn't stop thinking about her. Pagkatapos ng araw na iyon ay patuloy ko siyang hinanap.

Ngayon, nakita ko na siya... pero may boyfriend na pala siya. Kiss-zoned ako. Kiss-zoned as in, hinalikan tapos nilayuan

sabay iniwasan.

Napabuntong-hininga ako.

Uuwi na lang ako.

Lumabas na ako ng gate at natanaw ko na ang driver ko. Nakita ko rin sila Lisa at sumakay sila sa isang kotseng itim. Sumakay na rin ako sa kotse ko.

Alam ko na!

“Manong, sundan mo nga iyong kotse na yon,” sabi ko habang tinuturo iyong kotse na sinakyan ni Lisa at ng lalaking kasama niya.

Sinundan namin sila. Huminto sila sa isang convenience store. Medyo matagal din sila sa loob at lumabas sila na may dala-dalang snacks.

Pagkatapos ay pinagpatuloy namin ang pagsunod sa sasakyan nila. Dumiretso kami sabay liko sa isang kanto sa kanan, diretso, liko sa kaliwa, diretso tapos huminto na sila sa isang bahay na kulay puti.

Bumaba na si Lisa saka yung lalake. Hindi man lang pinagbuksan ng pinto si Lisa.

Pumasok yung lalaki sa bahay na kulay puti tapos si Lisa naman ay pumasok doon sa katabing bahay. In-assume ko na bahay niya iyon. Baka naman magkapitbahay lang sila?

Naghintay pa ako ng mga limang minuto. Lumabas si Lisa at nakapambahay na lang siya. *Doon nga ang bahay niya.*

Pero pumasok siya sa bahay ng lalaki na kasama niya kanina.

“Manong, alis na tayo,” sabi ko sa driver ko.

Siguro nga boyfriend niya iyon. Pwede rin na close lang sila dahil nga magkapitbahay sila, eh.

Aasa pa ba ako?



LISA

Bakit feeling ko, may tumitingin sa akin?

Pumasok na ako sa apartment ni Kyle. Actually, hindi iyon apartment kundi isang buong bahay. Isang malaking bahay na pinapaupahan ng may-ari dahil hindi na nagagamit.

Nakabukas ang pinto kaya pumasok na lang ako. Namangha ako dahil ang ganda pala ng bahay na ito. O sadyang magaganda lang ang gamit ni Kyle. Lahat mukhang mamahalin, lalo na yung TV na malaki pagkatapos, LED pa.

“Kyle?” tawag ko pero walang sumasagot.

May narinig akong music sa itaas kaya sinundan ko na lang kung saan iyon nanggagaling. Dinala ako noon sa isang kwarto na may blue na pinto. Pumasok ako doon.

“Kyle? Pagpasok ko walang tao, pero may narinig akong nagsalita.

“Ah, sandali lang, Lisa! I’m coming!”

Lumabas si Kyle mula sa banyo. Ibinaling ko sa kanya ang paningin ko at napadilat ako sa nakita ko sabay takip ng mata. Paano ba naman, lumabas siya ng banyo na nakatapis lang sa hips iyong tuwalya!

Grabe, ang hottie niya talaga! Hindi ko ma-describe kung gaano siya ka-hot! Basta ang hot niya! Totoo nga ang sinasabi nila na lumalabas lalo ang kagwapuhan ng lalake kapag bagong ligo!

Kaso nahihiya akong tumingin dahil dalagang Filipina ako.

Nandoon lang ako sa pinto at hindi makagalaw. Pagkatapos, biglang naramdaman ko na papalapit na siya sa akin.

DEAR GOD! Ano na ang gagawin ko?!

Paano kung may gawin sa akin ’to? Ang laki niya kayang tao! Hindi ako makakalaban.

Lalabas na sana ako nang bigla niya akong hinarang. Idiniin niya ang kanyang mga kamay sa pinto at hinarangan ang kanan at kaliwa kong side. Alam kong palabiro si Kyle pero bakit natatakot ako?!

Napasandal na lang ako sa pinto. Bumilis lalo ang tibok ng puso ko. Tinitigan niya ako.

Grabe! I'm melting! I'm melting!

“Bakit ka aalis? Maglalaro pa tayo,” sabi niya sabay ngumisi siya.

Di maganda iyan!

“Kyle, wag! Bata pa ako!” sabi ko at napayakap na lang ako sa katawan ko.

“Ganun?” Unti-unti niyang inilapit ang mga labi niya.

Ako naman, nandoon lang na parang timang, nakatitig sa kanya. Pwede ko naman siyang itulak palayo, pero nanigas ako sa kaba.

Super lapit na ng mga labi ni Kyle sa mga labi ko, mga three inches na lang, ganun. Huminto siya bigla at napangiti, bago napahalakhak. Tumawa nang tumawa up to the point na na-awkward na ako sa pagtawa niya.

“You should’ve seen your face! Blushing and nervous! So cute yet so funny!”

“Eh?” Ayun lang ang nagawa kong reaksiyon. Bwiset na manyak ’to, pinagtitripan ako.

Lumabas tuloy ako ng kwarto. Nag-walkout ako.

“Uyy, teka, Lisa! Biro lang naman, eh!” Hinabol niya ako palabas ng kanyang apartment.

“Tse!” Hindi ako tumitingin sa kanya at dire-diretso ako sa paglalakad.

Noong malapit-lapit na kami sa pinto ay nahawakan na niya ako.

“Ano ba? Bitawan mo ako!” ’Tapos, bigla akong natahimik nang mapatingin sa kanya. Nandilat at muntik nang lumuwa ang mata ko sa nakita ko. Napatili na lang ako. “KYAAAAAAAAAAAAA!”

Tumakbo ako palabas ng bahay niya.

Sa Biology class ko lang nakikita *iyon!* Sa mga statue rin at sa mga paintings pero hindi ko pinangarap na makakita noon hangga't hindi pa ako kasal!

Kasi naman! Habulin ba ako nang nakatuwalya! Nalaglag tuloy iyong tuwalya niya.

Alam na kung ano ang nakita ko.

Hindi na ako babalik sa bahay na *iyon!*

3

She Wears High Heels

KYLE

Naku, malamang galit na galit sa akin si Lisa. Nakakahiya talaga yong nangyari kahapon. Hayaan na. At least, hindi maliit yung sa akin. Double shame kung maliit.

Strange. Magkapitbahay na kami ni Lisa pero hindi pa rin kami nagkikita buong araw. Nakalungkot lang.

Ewan ko ba kung bakit baliw na baliw ako sa babaeng iyon. Halata naman na ayaw niya sa akin. Ganito ba talaga pag in love?

Wala kaming klase ngayon, mayamaya pa.

Nakatambay lang ako rito sa reading section ng library. Hindi kasi yata ito lugar para sa pag-aaral. Kasi wala naman akong nakikitang nagbabasa. Tambayan lang yata ito.

Narinig ko ang pagbukas ng pinto, dahil sa sobrang katahimikan. Napalingon ang lahat ng tao sa pumasok, pati ako napagaya rin.

SHET!

Nagtakip ako bigla ng mukha gamit ang bag ko. Ate ko pala ang dumating. Naririnig ko ang bulungan ng mga tao. Mukhang kilalang-kilala si Ate rito sa university.

“Ang ganda talaga ni Kristina,” komento ng isang girl.

“Sana naging akin na lang siya,” sabi naman ng isang lalaki.

“Perfect couple talaga sila ni Mark del Rosario.”

Sino si Mark? Bakit walang naikukuwento sa akin si Ate?

Naku, wag niya sana akong lapitan. May bad habit kasi iyan na ipinapahiya ako sa mga public place.

Nakangudngod ang mukha ko sa table nang biglang

naramdaman ko na may nagsalitang boses at tumabi sa akin yung nagsalita, si Ate.

“Wow, nagpupunta ka pala sa library? Major discovery ito Kyle, kailangan kong i-tweet,” sabi niya. Hinarap ko siya at nakangiti siya sa akin. Parang nang-iinsulto ang ngiti ni Ate. Sabagay, ngayon lang talaga ako nagpunta ng library. Gusto ko kasi ng katahimikan.

Ngumisi ako sa kanya. “Sino si Mark del Rosario?”

Nandilat ang mga mata niya; mukhang gulat na gulat na kilala ko iyong Mark, na malamang ay boyfriend niya. “Huh? Sino iyon? Hindi ko kilala iyon.”

Kinurot ko sa pisngi si Ate. “Wooo, kunwari ka pa. Ikaw, ah, susumbong kita kay Mama, nagbo-boyfriend ka nang hindi sinasabi sa kanya.”

“Naku, late na pala ako. Sige, maiwanan na kita.” Kabado siyang nagsalita at dali-daling lumabas ng library.

Nabalik na naman ang katahimikan.

Minsan naiisip ko na nakakapagod na rin na habulin si Lisa. Isang taon na 'ata akong ganito sa kanya. Ilang surprises na ang ginawa ko. Ilang gifts na ang binigay ko. Pero wala pa ring nagbabago sa sitwasyon namin.

Ano ba?! Ang emo ko naman! Ito ba ang nagagawa ng library?

Nagdesisyon ako na lumabas na ng library.

Pagkalabas na pagkalabas ko ng library ay nakita ko si Lisa. Napatigil siya sandali at tinitigan ako. Pagkatapos, namula siya bigla at tumakbo papalayo.

“Lisa, sandali lang!” Para kaming dalawang batang naghahabulan! Nagtitinginan na sa amin ang mga estudyante sa hallway.

“Ayaw kitang makita! Tigilan mo na ako! Ka-badtrip 'to! Layuan mo na ako at naaalala ko lang ang malaki mong ANO!”

Nakarinig ako ng mga tumatawa sa paligid. Nahiya tuloy

ako. Feeling ko, namumula ako.

Patuloy pa rin kami sa pagtakbo. *TSK!* Parang kabayo si Lisa, ang bilis tumakbo. Partida na dahil naka-heels pa siya. Sana lang hindi mabali ang takong ng sapatos niya.

Patuloy ako sa pagtakbo at pagsambit ng pangalan niya. “Hindi ko naman sinasadya! Sorry na, Lisa!”

Bigla ko na lang nakita na nag-collapse siya sa sahig. Nadapa siya! *Ayan na nga ang sinasabi ko, eh!* Nabali ang heels niya.

Nakarinig ako ng tawanan sa paligid.

“Ayos ka lang?” Nilapitan ko si Lisa.

“Ay, oo. Ayos lang ako! Nangudngod lang naman sa harap ng maraming tao, ayos lang iyon!” Gumana na naman ang pagka-sarcastic ng babaeng ito.

Tinanggal na niya ang kanyang sapatos. Inabot ko sa kanya ang kamay ko para tulungan siyang tumayo pero hindi niya iyon pinansin. Tumayo siyang mag-isa. Tiningnan ni Lisa yung baling heels ng sapatos niya. “Tsk... tsk... Pa’no na ngayon ito? Ito na lang ang natitira kong sapatos na matino.”

“Eh di, bumili ka, problema ba iyon?”

Inirapan niya ako bigla, at medyo tumindig ang balahibo ko. Nakataas pa ang kilay niya nang sabihing, “Palibhasa mayaman ka. Hindi mo alam ang value ng pera.”

Ano nga ba ang value ng pera? Eh, kasi pag pupunta ako sa ATM lagi na lang nagkakalaman agad ang bank account ko. Never ata akong naubusan ng pera. Ano nga ba ang value ng pera?

Wala na akong masabi; ang ginawa ko na lang ay binuhat ko si Lisa na parang pang-honeymoon. Sigaw siya nang sigaw na ibaba ko siya.

“Ano ba?! Ibaba mo nga ako! Pag ako nakitaan ng panty! Ibaba mo nga ako, Kyle!” Nagtitinginan na naman ang mga estudyante at may kinikilig-kilig epek pa. Ang sweet daw namin.

“Ang sagwa naman kung maglalakad ka sa campus nang

nakapaa. Matapakan mo pa ang mga dura at tae diyan!” sabi ko.

“Eh, ibaba mo na ’ko! Nakakahiya, pinagtitinginan na tayo!”

Ilalaglag ko sa building ito, eh! Ang kulit!

Nakarating na kami sa gate. Center of attraction kami pagdating sa open grounds kanina.

Tumawag ako ng taxi at isinakay ko siya sa loob. Tapos, sumakay na rin ako.

“Saan po tayo, Sir?” tanong ng driver.

“Sa pinakamalapit na mall,” sabi ko.

Umandar na yung taxi. Plate number LOH-124, baka ma-kidnap kami.

“Ano na naman ba ang trip mo?!” pasigaw na tanong sa akin ni Lisa.

“Wala naman.” Nginitian ko lang siya.

Nabalot na ng katahimikan ang sasakyan.



LISA

Nakakahiya, pinagtitinginan kami ng mga tao kanina. Kung anu-ano kasi ang pumasok sa utak ng mokong na ito! Gusto ko na talaga siyang suntukin sa mukha pero hindi ko talaga magawa.

“Sorry.” Biglang nagsalita si Kyle.

“Ha?” pagtataka ko. Ano na naman kaya ang pumasok sa utak nito? Tiningnan ko siya. Nakayuko siya na parang nahihiya na nalulungkot na ewan.

“Sorry dahil ganito ako.” Wala akong masabi. Hahayaan ko muna siyang mag-emote. “Hindi ko naman kasi ginusto ang mga nangyari, eh. Sorry talaga.” Tinaas niya yung mga paa niya sa upuan saka niyakap ang kanyang mga binti, sabay sumubsob sa tuhod niya. Para talaga siyang bata. “Sadyang tatanga-tanga lang ako. Isip-bata talaga ako.” Napabuntong-hininga siya.

I awkwardly pat his back. “Ayos lang iyon, wag ka ngang emo!” Hindi ko alam kung aamuhin ko siya o sasapakin. Ewan

ko ba! Tapos hayun, tahimik na naman.

Sabi nga ni Taylor Swift, *'I've never heard silence quite this loud.'*

Dumating na kami sa mall. Binuksan ni Kyle ang pinto ng taxi. “Baba na,” utos niya sa akin, nakatingala lang ako sa kanya.

“Tanga ka ba?” Babangasan ko na sana, eh.

“Bakit naman ako naging tanga?”

“Nakita mong nakayapak ako, eh, tapos papupuntahin mo ako d’yan! Uuwi na lang ako sa amin.”

Napakamot ng ulo si Kyle. “Eh, kaya nga pupunta tayo ng mall, eh. Bibili tayo ng sapatos mo.”

“Di ba nga sinabi ko na sayo kanina na wala akong pera?”

“Tanga’t kalahati rin ang utak mo, eh, ’no? Malamang ako ang magbabayad!”

“Ayoko nga, nakakahiya. Uuwi na lang ako.” Sinarado ko bigla yung pinto tapos ni-lock ko lahat iyon. Sinubukan niyang katukin ako tapos, hindi ko na siya pinapansin. “Manong, ’alis na tayo,” sabi ko sa driver.

“Eh, paano po iyang kasama n’yo?”

“Hayaan n’yo na iyan, sira tuktok niyan, eh.” Patuloy sa pagkatok si Kyle. “Eh, basta idiretso n’yo, sasabihin ko na lang kung saan liliko.”

Malapit lang kasi doon sa mall ang bahay namin, eh. Mga fifteen minutes lang siguro ang papunta sa amin. Kumaway ako kay Kyle, sabay kumindat. yung tingin ko pa sa kanya, parang nang-aasar.

Malamang magalit sa akin yun pag nagkita kami.



KYLE

NAKO NAMAN! Yung babaeng yun iniwanan ako! Ano na ang gagawin ko ngayon dito sa mall?

Hmm... Sabagay, nandito na rin lang ako, ibibili ko na rin siya ng sapatos.

Hay, baliw talaga yun. Kaya nababaliw ako d'un, eh. Ayan na lang ang nasabi ko sa sarili ko habang tinatahak ko ang daan papunta sa department store.

Mali rin kasi naman ako, eh. Paglakarin ko ba sa mall nang nakayapak. Malamang hindi talaga papayag yun. Nasa bahay na siguro yun ngayon.

Pumunta na ako sa department store. Nananahimik akong tumitingin ng sapatos para kay Lisa nang biglang may lumapit sa akin na saleslady.

“Hi, Sir, ano po ang hanap n’yo?” Nagulat ako sa kanya. Ang ayoko pa naman sa lahat ay yung lalapitan ako ng kung sinu-sino.

“Ah wala, naniningin lang,” sagot ko sabay layo. Nagtingin naman ako sa ibang brand.

Hmm, ano kaya ang babagay kay Lisa? Itong simpleng black shoes lang na may heels, o itong may ribbon na design? O kaya yung shining shimmering? Hindi ko na alam. Bakit ba ang daming design?

Ngayon ko kailangan ng sales lady.

“Uhm, Miss?” Sumenyas ako d’un sa isang saleslady.

Tumingin siya sa akin kaya lang ang sinabi niya, “Wait lang po, Sir.”

Hay, kung kailan mo kailangan, doon sila nawawala.

Nakakita pa ako ng isang saleslady. “Uhm, Miss...” Hindi ako narinig! “Miss!”

Hindi pa rin ako nilingon. Busy yata mga tao rito.

Last na. Lumapit na ako d’un sa saleslady at kinalabit ko. “Miss?”

“Yes, Sir?” Ngumiti siya sa akin.

“Tulongan mo naman akong pumili ng sapatos na pambabae, panreregalo ko lang.”

“Sige po, Sir. Ano po ba ang size niya?”

“Ahm, mga seven siguro?” Seven nga ba? Eh, iyon ang

pagkakaalam ko, eh.

Ang tagal namin doon sa isang section. Gusto ko kasi yung perfect, yung maganda at yung siguradong magugustuhan niya. Ano nga ba ang gusto ni Lisa?

“Sir, hindi pa din po ba kayo nakakapili? Halos lahat ng design nailabas ko na, Sir.”

“Hmm, sige. Ah, alam ko na.” Nakita ko iyong isang pares ng black shoes, simple lang design niya na parang ribbon. Iyon na lang ang pinili ko, hindi masyadong mataas yung heels para hindi na siya natatapilok. Sana magustuhan ni Lisa.

Ramdam ko ang tuwa nung saleslady nang nakapili na ako sa wakas. Sana talaga magustuhan niya.



LISA

“Ano na kaya ang nangyari kay Kyle? Iniwanan ko siyang mag-isa doon sa mall. Siguro galit na sa kin yun? Ayan ang naisip ko habang nagmumuni-muni d’un sa tapat ng bahay namin. Nakatulala ako. Walang magawa, eh.

Tapos, may biglang humintong kulay itim na kotse sa tapat ng bahay namin. Parang pamilyar iyon. Biglang may bumabang lalaki.

Si Kyle. Kotse niya nga pala iyon. Napangiti siya nung makita ako. Lumapit siya sa akin. May hawak siyang box.

“Ano ang ginagawa mo dito? Doon sa kabila ang bahay mo.”

“Ahh, wala naman, bibigay ko lang sana sayo ito.” Binuksan niya yung box.

Wow, sapatos ang laman.

“Para sa akin talaga ’to?” Gulat na gulat ako. Hindi ako makapaniwala na sa kabila ng pag-iwan ko sa kanya sa mall ay ibinili pa rin niya ako ng sapatos.

“Oo naman.” Ngumiti uli si Kyle. Ang cute niya talagang ngumiti. Tapos, may ni-request siya sa akin na medyo nahihiya pa siyang sabihin. “Uuhm... ah... eh... pwede bang ako ang

magsuot sayo nitong sapatos?”

“Ah, eh... oo naman.” Actually, nahihiya ako, para bang nakakailang kasi.

Ayun, lumuhod siya tapos kinuha niya yung magkabilang paa ng sapatos. Isinuot niya iyon sa kanan at kaliwa kong paa. Feeling ko si *Cinderella* ako nung ginagawa niya iyon. Pero pakiramdam ko di pa rin siya bagay na maging prinsipse.

Pero ang galing niyang pumili, sukat na sukat sa paa ko!

“Salamat ah,” sabi ko sa kanya.

“Anong salamat? May kapalit yan.” Ngumiti si Kyle nang malandi, sabay tawa.

Ayun na, eh! Kinikilig na ako bigla pang bumanat ng ganun!

“Ano ba ang kapalit?” pigil ang inis na tanong ko.

“Will you go out on a date with me?”

“Date?” nabiglang ulit ko.

Nagdalawang-isip pa ako kung papayag ba ako o hindi.

“Please...” Nagpapa-cute na naman siya sa akin. Nag-puppy dog eyes na naman ang hudyo. Hindi ko tuloy matanggihan.

“Ahm, sige. Isang date lang, ah!” Ayun na lang ang nasabi ko.

“Talaga? Yes!” May pasuntok-suntok pa siya sa hangin na akala mo nanalo sa lotto.

Hayy! Sana hindi na niya ako manyakin sa susunod. Naalala ko iyong eksena sa bahay niya noong nakaraan.

Naku, kung siya excited puwes ako, hindi!

Good luck sa akin.